# Sa Enero 12 na ang Deadline para Mag-apply para sa Tulong sa Bagyong Ian

**Release Date: January 11, 2023**

**LAKE MARY, Fla.** - Isang araw na lang ang natitira para makapag-apply ang mga nakaligtas sa Bagyong Ian para sa tulong sa sakuna sa FEMA at mag-apply para sa mababang interes na disaster loan (utang para sa sakuna) sa U.S. Small Business Administration (SBA, Pangasiwaan para sa Maliliit na Negosyo).

Kailangang matanggap ang mga aplikasyon bago sumapit ng **11:59 p.m. ET Huwebes, Enero 12, 2023,** para maisaalang-alang para sa tulong. Makukuha pa rin ang impormasyon tungkol sa aplikasyon at sakuna sa pamamagitan ng pagtawag sa FEMA helpline, pag-o-online, o paggamit ng mobile app ng FEMA, o pagbisita sa disaster recovery center (sentro sa pagbangon mula sa sakuna) gaya ng mga sumusunod:

- Tumawag sa **800-621-3362**. Matatawagan ang mga libreng numero mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET, pitong araw sa isang linggo. Mayroong tulong sa halos lahat ng wika.
- Mag-online at DisasterAssistance.gov.
- I-download ang FEMA App.
- Bumisita sa center. Maaari kang mag-online sa: DRC Locator para makahanap ng kalapit na center.

Ang katapusan ng panahon ng aplikasyon ay hindi nangangahulugang aalis na ang FEMA. Patuloy na makikipagtulungan ang ahensya sa estado ng Florida upang tulungan ang mga nakaligtas at komunidad sa kanilang mga pangmatagalang pagsusumikap na muling magpatayo at bumangon.

Sa oras na magparehistro ka, mahalagang manatiling nakikipag-ugnayan sa FEMA upang masubaybayan ang iyong aplikasyon o upang maabisuhan ang ahensya para sa mga pagbabago sa iyong address na pangkoreo o email address o mga numero ng telepono, at upang mag-ulat ng pakikipagkasundo hinggil sa insurance, patuloy na hindi natutugunang mga pangangailangan o karagdagang pagkasira na natuklasan mo.

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga tauhan ng FEMA para sa iba't ibang dahilan upang talakayin ang iyong kaso o humingi ng karagdagang impormasyon. Sagutin ang mga tawag na iyon sa telepono upang matiyak na naipagpapatuloy ang proseso ng iyong aplikasyon. Kung may duda ka sa pagtanggap ng tawag mula sa isang taong nagsasabing nagtatrabaho sila sa FEMA, huwag magbigay ng anumang impormasyon, at sa halip ay tumawag sa 800-621-3362 sa pagitan ng 7 a.m. at 11 p.m. ET upang maberipika na lehitimo ang tawag na iyon.

Tinutulungan ng SBA ang mga negosyo, pribadong nonprofit na organisasyon, may-ari ng tirahan at nangungupahan na pondohan ang mga pagkukumpuni o mga pagsusumikap sa muling pagpapatayo at sagutin ang gastos ng pagpapalit ng nawala o nasirang personal na ari-arian. Para mag-apply para sa mababang interes na disaster loan **bago ang deadline sa Enero 12**, kumpletuhin ang isang online na aplikasyon sa disasterloan.sba.gov/ela/. Para makontak ang Customer Service Representative (Kinatawan para sa Serbisyo sa Kostumer) ng SBA, direktang tumawag sa **800-659-2955**. I-email ang mga tanong sa FOCE-Help@sba.gov. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang sba.gov/.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian at Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info sa fema.gov. Sundan ang FEMA Region 4 (@femaregion4) / Twitter sa facebook.com/fema.